OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 3/15/24 Time: 11:48

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-46

**"NAGPAPAHAYAG NG SUPORTA ANG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN SA MITHIIN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG TIBAGAN, BUSTOS, BULACAN NA MAKAPASOK SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BARANGAY NG TIBAGAN AT NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa mga Alituntunin, Pribelehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala**
**at**
**Lupon sa Usaping Pambarangay**

---

**SAPAGKA'T,** nagpatibay ng Kapasiyahan Blg. 1, S-2024 at Kapasiyahan Blg.7, S-2024 na nauukol sa paglada ng memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng National Irrigation Administration (NIA) at Barangay Tibagan, Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** sa naturang MOA ang NIA ay may panukala at mungkahi sa pamunuan ng Barangay ukol sa mga pasilidad at estado ng Barangay Hall, Day Care Center at Basketball Court na nakatayo na at ilalagay na Gulayan na sakop ng bakuran ng Bustos Dam;

**SAPAGKA'T,** isa sa mga requirements upang maipagpatuloy ang memorandum of agreement ay isang kapasiyahan na hindi tumututol ang Sangguniang Bayan na pumasok ang Barangay Tibagan sa isang memorandum of agreement na kakatawanin ng kanilang Punong Barangay;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Pinagsanib na Lupon sa mga Alituntunin, Pribelehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala at Lupon sa Usaping Pambarangay ay napatunayang ang hakbanging ito ay may sapat na layunin para sa ikakabuti ng Barangay Tibagan at mga mamamayan nito.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na walang pagtutol ang Sangguniang Bayan ng Bustos sa layunin ng Pamahalaang Barangay ng Tibagan at National Irrigation Administration sa isang memorandum of agreement hangga't ang transaksyon ay naaayon sa mga probisyon ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 at iba pang mga batas.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim